'O mga tao, ginawa ko lamang ito upang sumunod kayo at upang matuto kayo ng pagdarasal ko.'"}

Ayon kay Ḥāzim bin Dīnār: {May mga lalaking pumunta kay Sahl bin Sa`d As-Sā`idīy. Nag-alangan nga sila hinggil sa pulpito kung mula sa ano ang tabla nito. Kaya nagtanong sila sa kanya tungkol doon saka nagsabi naman siya: "Sumpa man kay Allāh, tunay na ako ay talagang nakaaalam kung mula sa ano ito. Talaga ngang nakita ko ito noong unang araw na inilagay ito at noong unang araw na umupo rito ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Nagpasugo ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay Polana," na isang babae kabilang sa mga Tagaadya na pinangalanan ni Sahl, "[na nagsasabi]: 'Mag-utos ka sa alila mong karpintero na gumawa siya para sa akin ng mga tabla na uupo ako sa mga ito kapag nagsalita ako sa mga tao.' Kaya nag-utos ito roon kaya gumawa iyon ng mga ito mula sa kahoy na Tamarisko ng Al-Ghābah. Pagkatapos naghatid iyon ng mga ito saka ipinadala sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nag-utos siya na ilagay ang mga ito saka inilagay naman ang mga ito dito. Pagkatapos nakakita ako ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagdasal sa ibabaw ng mga ito at nagsagawa ng takbīr habang siya ay nasa ibabaw ng mga ito. Pagkatapos yumukod siya habang siya ay nasa ibabaw ng mga ito. Pagkatapos bumaba siya nang paurong saka nagpatirapa sa paanan ng pulpito. Pagkatapos bumalik siya; saka noong nakatapos siya, bumaling siya sa mga tao saka nagsabi: 'O mga tao, ginawa ko lamang ito upang sumunod kayo at upang matuto kayo ng pagdarasal ko.'"}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

May dumating na mga lalaki sa isa sa mga Kasamahan, na nagtatanong sa kanya tungkol sa pulpitong pampropeta na ginamit ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kung mula sa ano niyari ito. Nagtalu-talo nga sila at nag-alitan nga sila hinggil doon. Kaya binanggit niya sa kanila na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagpasabi sa isang babae kabilang sa mga Tagaadya, na may isang utusang karpintero, saka nagsabi rito: "Mag-utos ka sa alila mo na yumari siya para sa akin ng isang pulpito na uupuan ko kapag nagsasalita ako sa mga tao." Tumugon naman ang babae at nag-utos sa alila nito na gumawa iyon para sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang pulpitong yari sa mga puno ng Tamarisko. Noong nakatapos iyon, ipinadala ito ng babae sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nag-utos naman siya na ilagay ito kaya inilagay ito sa lugar nito sa masjid. Pagkatapos nagdasal ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa ibabaw ng mimbar at nagsagawa siya ng takbīr habang siya ay nasa ibabaw nito. Pagkatapos yumukod siya habang siya ay nasa ibabaw nito. Pagkatapos bumaba siya nang naglalakad papunta sa likuran nang hindi naglilingon ng mukha niya sa dako ng likuran, saka nagpatirapa siya sa paanan ng pulpito. Pagkatapos bumalik siya; saka noong nakatapos siya sa pagdarasal, bumaling siya sa mga tao at nagsabi: "O mga tao, ginawa ko lamang ito

upang sumunod kayo at upang matuto kayo ng pagdarasal ko."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65096